



Pagsusuri at paggamot sa COVID-19

Kahit na wala kang visa, o hindi sigurado tungkol sa katayuan ng iyong visa, dapat mong sundin ang mga tagubilin sa pampublikong kalusugan. Kung masama ang iyong pakiramdam, humingi ng medikal na atensyon at magpasuri para sa COVID-19.

Nag-aalok ang mga gobyerno ng estado at teritoryo ng libreng pagpapasuri at paggamot sa COVID-19.

- [Australian Capital Territory](#)
- [New South Wales](#)
- [Northern Territory](#)
- [Queensland](#)
- [South Australia](#)
- [Tasmania](#)
- [Victoria](#)
- [Western Australia](#)

Mga pagsusuring medikal ng imigrasyon sa Victoria

Dahil sa mga karagdagang paghihigpit dulot ng COVID-19, pansamantalang itinigil ang lahat ng Pagsusuring Medikal ng Imigrasyon sa Victoria. Susuriin ito alinsunod sa mga karagdagang anunsyo ng [pampublikong kalusugan](#).

Mayroon akong Bridging visa

Mayroon akong Bridging visa A, B o C

Kung mayroon kang Bridging visa A, B o C sa kasalukuyan, papayagan ka nitong manatili sa Australia habang pinoproseso ang umiiral mong aplikasyon sa visa o pagsusuri nito. Gayunpaman, kung wala kang nakabinbing desisyon ng imigrasyon o pagsusuri at hindi ka makaalis sa Australia, dapat kang mag-apply ng bagong visa para manatiling legal.

Kung may-ari ka ng Bridging visa A o C at umalis ka ng Australia, mawawalan ng bisa ang iyong Bridging visa A o C. Kung gusto mong bumalik sa Australia sa hinaharap, kakailanganin mong mag-apply ng isa pang visa para payagan kang makabalik. Sa halip, maaaring pag-isipan ng mga may-ari ng Bridging visa A ang pag-a-apply ng Bridging visa B bago sila umalis ng Australia.

- Patuloy na ipoproseso ang mga aplikasyon ng Bridging visa B. Gayunpaman, hindi papapasukin sa Australia ang mga may-ari ng Bridging visa B hanggang alisin ang mga paghihigpit sa pagbibiyaha, maliban kung may angkop na pahintulot. Para sa higit pang impormasyon sa mga paghihigpit at pahintulot sa pagbibiyaha, tingnan ang [Pagpunta sa Australia](#).

Mayroon akong Bridging visa E

Pinapayagan ka ng Bridging visa E na manatili sa Australia habang ikaw ay:

- gumagawa ng mga pag-aayos para makaalis
- naghihintay ng desisyon sa imigrasyon.

Kung naging ilegal ka at hindi makapag-apply ng iba pang visa, bibigyan ka ng pag-a-apply ng Bridging visa E sa lalong madaling panahon ng legal na katayuan sa Australia upang makagawa ka ng mga pag-aayos na umalis sa lalong madaling panahon.

Kung mayroon kang Bridging visa E ngunit hindi makaalis sa Australia bago ito mag-expire, kakailanganin mong mag-apply ng isa pang Bridging visa E para manatiling legal.

- Puwede kang mag-apply online sa pamamagitan ng iyong [ImmiAccount](#)
- Kung wala kang access sa ImmiAccount, puwede kang mag-email o magpakoreo ng papel na form ([Form 1008 – Aplikasyon para sa Bridging visa E – subclass 050](#))

Para sa mga taong umalis ng Australa bilang mga ilegal na hindi mamamayan o may-ari ng Bridging visa na D, E o F, maaari kayong maging hindi sakop ng pagbabalik sa Australia sa loob ng ilang panahon at maaari itong makaapekto sa itong mga aplikasyon ng visa sa hinaharap:

- Available ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagbabawal sa muling pagpasok sa: [Pagbabawal sa muling pagpasok](#)

Nagtatrabaho gamit ang Bridging visa

Papayagan kang magtrabaho sa Australia depende sa mga kondisyon ng iyong Bridging visa. Maaari mong tingnan sa pamamagitan ng:

- paggamit ng serbisyo ng VEVO, o
- pag-access sa mga kondisyon ng iyong visa gamit ang iyong ImmiAccount.

Kung hindi ka pinapayagang magtrabaho ng iyong Bridging visa, o may mga paghihigpit sa pagtatrabaho, maaari kang mag-apply ng isa pang Bridging visa na papayagan kang magtrabaho. Makukuha lamang ito sa ilang kalagayan at karaniwang kailangan mong ipakita na mayroon kang pinansiyal na paghihirap.

Kung hindi mo natugunan ang mga kinakailangan para sa trabaho, at karapat-dapat ka pa rin para sa isang Bridging visa, bibigyan ka namin ng bagong Bridging visa na may mga kaparehong kondisyon na nasa nakaraan mong Bridging visa.

Mga mag-e-expire na Bridging visa

Kung mag-e-expire na ang visa mo, dapat mong pag-isipan na bumalik sa iyong pinanggalingang bansa sa lalong madaling panahon kung kaya mo, lalo na kung hindi ka sinusuportahan ng iyong pamilya.

Lubhang hinihikayat ang mga may-ari ng pansamantalang visa na hindi kayang suportahan ang kanilang sarili sa loob ng susunod na anim na buwan na umuwi at gumawa ng mga pagsasaayos sa lalong madaling panahon.

Kung hindi ka makaalis ng Australia, kakailanganin mong magkaroon ng may bisang visa. Aasahan kang umalis sa Australia kapag inalis na ang mga paghihigpit sa pagbibiyahe.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang: [Mag-e-expire o nag-expire na ang iyong visa](#)

Kung nasa labas ka ng Australia at hindi nakapasok bago nawalan ng bisa ang iyong visa, kakailanganin mong mag-apply at mabigyan ng bagong visa kung gusto mong magbiyahe papunta sa Australia.

Hindi posible na bigyan ng palugit ang tagal ng bisa ng isang visa. Hindi rin posible na gumawa ng may bisang aplikasyon para sa Bridging visa B (BVB) habang nasa labas ka ng Australia o mabigyan ng BVB habang nasa labas ng Australia.

Mga pansuportang serbisyo

Kung hindi mo kayang lutasin ang katayuan ng visa mo, makakatulong ang Serbisyo sa Paglutas ng Katayuan (Status Resolution Service, SRS) ng Department of Home Affairs.

Available ang karagdagang impormasyon sa: [Serbisyo sa Paglutas ng Katayuan \(Status resolution service\)](#)

Maipapaliwanag ng mga opisyal ng SRS ang iyong mga opsyon sa visa at masasabi sa iyo kung paano makakaapekto ang mga gagawin mong desisyon sa iyong mga opsyon pagkaraan. Maaari ka rin nilang tulungang planuhin ang iyong pag-alis mula sa Australia, at isangguni ka sa ibang serbisyo kung kinakailangan.

Sa mga pambihirang sitwasyon, puwedeng tulungan ng Serbisyo sa Paglutas ng Katayuan ng Departamento ang mga karapat-dapat na indibidwal na gustong umalis sa Australia. Kinontrata ng Departamento ang International Organisation for Migration (IOM) at Serco (Homeward) bilang mga tagapagbigay ng serbisyo para pangasiwaan ang programa nito sa tulong sa pag-uwi.

Maaaring magbigay ang tulong sa pag-uwi sa mga karapat-dapat na tatanggap ng isa, o anumang kombinasyon ng tulong, kabilang ang:

- pagpapayo sa hiwalay na pag-uwi
- ticket sa eroplano
- tulong na makakuha ng mga dokumento sa pagbibiyahe
- tulong sa pagtanggap sa babalikang bansa
- tulong sa pagbibiyahe papunta sa pinal na destinasyon.

Para maisaalang-alang na karapat-dapat paara a tulong a pag-uwi, kailangang:

- hindi ka isang mamamayan
- walang visa na nagpapahintulot ng muling pagpasok sa Australia

- nagboluntaryong umuwi sa bansang pinanggalingan o sa isang bansa kung saan may karapatan kang pumasok at manatili
- ipakita na walan kang kakayahang gastusan ang iyong pag-uwi.

Available ang karagdagang impormasyon sa: [Tulong na umalis](#)

Nagbibigay ng suporta ang Mga Serbisyo ng Suporta sa Paglutas sa Katayuan (Status Resolution Support Services, SRSS) sa ilang hindi mamamayan na pansamantalang nasa komunidad ng Australia habang pinagdedesisyunan ang kanilang katayuan ng imigrasyon. Nagbibigay ang programa ng SRSS ng pansamantala at pinasadyang suporta sa mga indibidwal na walang kakayahang suportahan ang kanilang sarili habang nakikipag-ugnayan sila sa Department of Home Affairs para lutasin ang kanilang katayuan ng imigrasyon. Hindi ito isang nagpapatuloy na karapatan sa kapakanan.

Ang mga indibidwal na may Bridging visa at karapatang magtrabaho, at mayroong kakayahang magtrabaho, ay inaasahang suportahan ang kanilang mga sarili habang nilulutas ang kanilang katayuan sa imigrasyon.

Sa panahon ng COVID-19, susuriin ang mga aplikasyon para sa suporta sa ilalim ng SRSS depende sa kaso.

Available ang karagdagang impormasyon sa: [Mga Serbisyo ng Suporta sa Paglutas sa Katayuan \(Status Resolution Support Services\)](#)